

Pabigay-alam Tungkol sa Maagang Aplikasyon para sa SY 2026~27 Tulong para sa Gastos sa Paaralan (Pera para sa Paghanda sa Pagpasok)

Para sa mga magulang o guardian ng mga batang papasok sa unang baitang

Board of Education ng Lungsod ng Sakai

Sa Lungsod ng Sakai, para sa mga batang magsisimulang pumasok sa unang baitang ng mga pampublikong mababang paaralan ng lungsod sa Abril, na ang pamilya ay pinansyal na nahihirapan, may tulong na tinatawag na “pera para sa paghanda sa pagpasok” upang mabayaran ang bahagi ng gastos na kailangan para makapasok sa paaralan (¥57,060), na binibigay sa buwan ng Marso.

Ang mga tumatama sa alinman sa mga sumusunod ay hindi matutugunan kaya hindi makakapag-aplay.

- ⊙ Ang mga may balak na kumuha ng eksamen para makapasok sa mga pambansa o pribadong mababang paaralan, at ang mga may balak na pumasok sa mga paaralang nagbibigay suporta.

*** Pagkatapos natanggap ang “pera para sa paghanda sa pagpasok” at nalamang isinagawa ang mga naibanggit sa itaas, ipapabalik ang buong halagang natanggap.**

- ⊙ Ang mga may balak na lumipat sa labas ng Lungsod ng Sakai hanggang katapusan ng Marso.
- ⊙ Ang mga tumatanggap ng welfare, ang mga sertipikadong may foster parents, ang mga nakapasok sa Family Home, ang mga nakapasok sa isang pasilidad, at ang mga nakapasok sa pasilidad na sumusuporta sa ina at anak. (Dahil makakatanggap na sa ilalim ng bawat sistema.)
- ⊙ Ang mga pumasok sa bansang ito mula noong Enero 2, 2025 lamang.
Dahil hindi masisiyasat ang kita sa piskal na taong 2024 na isinasagawa sa pagsisiyasat kung makakatanggap.
*Mag-aplay lamang sa Abril na panahon ng aplikasyon. (Siguraduhin lamang na nag-file ng income tax return para sa piskal na taong 2025)

*Ang mga hindi tumatama sa mga nakasulat na 4 sa itaas na nais makatanggap ng “pera para sa paghanda sa pagpasok”, basahin lamang ng mabuti ang paliwanag na nakasulat sa ibaba at mag-aplay.

1 Ang panahon ng pag-aplay, atbp

Sa loob ng panahong **Nobyembre 1 (Sabado) ~ 17 (Lunes), 2025** (maliban sa Sabado, Linggo at pista opisyal), dalhin lamang ang mga sumusunod na mga bagay sa **lugar ng pag-aaplay sa [bawat munisipyo]** (mula 9:00 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon) at ilakad ang aplikasyon.

(Maaaring mag-aplay kahit saan mang munisipyo sa loob ng Lungsod ng Sakai.)

Maaari ring mag-aplay sa pamamagitan ng pagpadala sa post office. Tignan lamang ang “⊙Tungkol sa paraan ng pag-aplay sa pamamagitan ng pagpadala sa post office” sa sunod na pahina para sa mga detalye.

1 Bagay na makakapagpatunay sa isang savings account na nakapangalan sa magulang o guardian na nag-aaplay.

2 Mga dokumentong kailangang ilalaki

- **Kopya ng bawat kailangang dokumento sa mga tumutugon sa bilang ②・④~⑨ ng (2) sa pahina 3.**

- Para sa mga lumipat mula sa ibang munisipalidad mula Enero 2, 2025

Ang [Notipikasyon ng pasiya sa espesyal na pagpababa ng halaga ng municipal tax at prefectural tax para sa piskal na taong 2025, o ang [Sertipiko ng Tax] para sa piskal na taong 2025 na galing sa dating tinirahang munisipalidad (maaaring kopya lamang)

Subalit hindi ito kailangan para sa mga nakapagpasa na ng nasabing sertipiko hanggang katapusan ng Oktubre noong panahon ng aplikasyon para sa “tulong para sa gastos sa paaralan” para sa taong ito.

- * Ang aplikasyong ito ay para lamang sa tulong para sa gastos sa paaralan (pera para sa paghanda sa pagpasok) ng mga batang magsisimulang pumasok sa unang baitang ng mababang paaralan.

Para sa nais makatanggap ng tulong para sa tanghalian at sa mga gamit sa paaralan, kasama ang mga bata at mag-aaral sa ibang baitang, kailangan mag-aplay sa “tulong para sa gastos sa paaralan” para sa taong 2026 mula kalagitnaan hanggang katapusan ng Abril.

Kapag hindi nakapag-aplay ngayon, tumatanggap ng aplikasyon sa kalagitnaan hanggang katapusan ng Abril pagkatapos magumpisa ang pasukan, ngunit matatanggap ang halaga ng mga nakapasa sa mga kalagitnaan ng Hulyo.

Para sa mga detalye, tignan lamang ang ipinamigay ng paaralan noong Abril na [Pagbigay-alam Tungkol sa SY2026~27 na Sistema ng Tulong para sa Gastos sa Paaralan], ang Koho Sakai (para sa Abril), o ang homepage ng Lungsod ng Sakai (sa paksa ng tulong para sa gastos sa paaralan).

- * Ang panahon ng aplikasyon para sa “tulong para sa gastos sa paaralan” para sa taong 2026 ay maaaring magbago.
- * Ang mga mag-aaplay na ipadala ang pera sa banko ng post office, kailangan ang pangalan ng branch ay tulad ng [四〇八], [四一八], atbp, na natatapos sa ika-3 kanji na numerong [ㄗ] at tiyakin din ang nasulat na account number.

◎Tungkol sa paraan ng pag-aplay sa pamamagitan ng pagpadala sa post office

Ilagay sa sobre ang <2. Ang mga dokumentong ipapadala sa pamamagitan ng post office> na nakasulat sa ibaba, dikitan ng stamp ng koreo at ipadala. **(Kapag pinadala sa post office, maaaring gamitin ang sobre para ipadala pabalik na inihanda.)**

*Hindi namin pananagutan kapag hindi naipadala o nahuli ang pagpadala ng post office. Kapag nag-aalala tungkol sa aksidente ng koreo, ipadala lamang ito sa pamamagitan ng espesyal na registered mail o simpleng registered mail.

* Hindi maaaring mabigyan ng resibo kapag nag-apply sa pamamagitan ng pagpadala sa post office, kaya mag-apply sa ward office o paaralan kung kailangan ito.

<1. Saan ipapadala>

〒590-0078

堺市堺区南瓦町 3 — 1 堺市教育委員会 学務課

(3-1 Minamikawara-machi, Sakai-ku, Sakai-shi,

Board of Education ng Lungsod ng Sakai (Sakai-shi Kyoiku-iinkai), School Affairs Division (Gakumu-ka))

Kung hindi gagamitin ang sobre para ipadala pabalik na inihanda, isulat ng direkta sa gagamiting sobre ang nakasulat sa itaas o gupitin ang kuwadrang tuldok ang linya sa huling pahina, idikit sa sobre, dikitan ng stamp ng koreo at ipadala.

<2. Ang mga dokumentong ipapadala sa pamamagitan ng post office>

① Application Form

Mag-aplay lamang na gamit ang application na nakalakip (maaari ring i-download sa homepage ng Lungsod ng Sakai).

Tignan lamang ang homepage ng Lungsod ng Sakai tungkol sa pag-download, atbp.

Homepage ng Lungsod ng Sakai < 就学援助金 (入学準備金) 早期支給 (新小 1 年生) Maagang pagbigay ng tulong para sa gastos sa paaralan (pera para sa paghanda sa pagpasok) (bagong mag-aaral sa unang baitang ng mababang paaralan) >

(<https://www.city.sakai.lg.jp/kosodate/kyoiku/tetsuzuki/hojo/soukisyu.html>)

② Ilalakip na mga dokumento

Ang mga tinutugunan sa ④~⑨ ng (2) sa table sa sumusunod na pahina, ilakip ang kopya ng bawat dokumentong kailangan at ipadala sa pamamagitan ng post office. Ang mga hindi tinutugunan ang kahit alinman, application form lamang ang ipadala.

<3. Huling araw ng pagpadala sa pamamagitan ng post office>

Nobyembre 17, 2025 (Lunes) *Balido kapag ang tatak ng post office ay hanggang sa araw na ito.

(Punahin) Kapag hinulog sa post box ng Nobyembre 17, ang tatak ng post office ay minsan nagiging Nobyembre 18 batay sa oras ng kanilang pagkolekta, kaya kapag hinulog ito ng Nobyembre 17, dalhin ng direkta sa post office (Sakai Post Office, Kanaoka Post Office, Naka Post Office, Senboku Post Office, Otori Post Office, Hamadera Post Office at Mihara Post Office) hanggang sa oras na tumatanggap (tiyakin sa bawat post office) ang yuyu counter (counter na tumatanggap ng mga pinapadala pagkatapos ng regular na oras ng pagtanggap).

Kapag ang tatak ng post office ay mula Nobyembre 18 o higit pa, hindi na matatanggap ang aplikasyon.

< 4. Mga dapat pag ingatan>

Kapag may nakalimutan o n a g kamali sa pags ulat, may nakalimutang lagyan ng selyo ng pangalan, atbp, maaaring hindi matatanggap ang aplikasyon o mahuhuli ang pagsiyasat nito. Sana maunawaa n ninyo an gaming kalagayan.

At kapag hindi kumpleto ang mga dokumentong dapat ila la kip, ang kita sa nakalipas na taon ang pagbabatayan ng pagsisiyasat.

2 Ang mga maaaring tumanggap ng “tulong para sa gastos sa paaralan”

Ang mga nakatira sa Lungsod ng Sakai, na magulang o guardian ng batang balak pumasok sa pampublikong mababang paaralan na tumatama sa alinman sa sumusunod na (1) o (2). (Hindi makakatanggap kapag tumatama sa alinman sa apat na nakalista sa unang pahina)

(1) Ang kabuuang halaga ng kita ng lahat ng miyembro sa parehong sambahayan noong taong 2024 (2024, mula Enero hanggang Disyembre) (kabilang ang kita, pension at retirement pay ng taong nadeestino sa ibang lugar sa loob o labas man ng bansa) ay hindi lumalampas sa sumusunod na batayang halaga (**pamantayan** lamang ang halagang ito, at nagkakaiba ng kaunti ayon sa edad ng miyembro ng pamilya).

Bilang ng miyembro ng pamilya	2 katao	3 katao	4 katao	5 katao	6 katao
Batayang halaga	¥2,160,000	¥2,590,000	¥2,890,000	¥3,230,000	¥3,660,000

- **Halaga ng kita** ⇒ Ang [halaga matapos ng pagbabawas sa kita mula sa sahod] sa sertipiko ng ibinawas na buwis (*gensen-chōshūhyō*) para sa mga kumikita ng sahod (hindi ang [Halagang binayad]). Para sa mga kumikita sa sariling negosyo, atbp, ang halaga matapos ibawas ang kinailangang gastusin mula sa kinita.

*Siguraduhing ang pagdeklara ng municipal at prefectural tax para sa piskal na taong 2024 (Enero ~

Disyembre, 2024)

***Upang mapasiyahan kung papasa o hindi, susuriin ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro sa parehong sambahayan**

noong taong 2024. Kung hindi pa nadeklara ang kita, tiyaking gawin ito bago matapos ang buwang ito.

Kapag hindi mapasiyahan dahil hindi malaman ang halaga ng kita o hindi nakapasa, hindi mabibigyan ng pera sa pagkakataong ito. **Ngunit maaaring mag-aplay muli.** Mag-aplay muli sa munisipyo o sa paaralan mula kalagitnaan hanggang katapusan ng Abril.

Para sa mga detalye, tignan lamang ang ipinamigay sa paaralan noong Abril na [Pagbigay-alam Tungkol sa SY2026~27 na Sistema ng Tulong para sa Gastos sa Paaralan], ang Koho Sakai (para sa Abril), o ang homepage ng Lungsod ng Sakai (sa paksa ng tulong para sa gastos sa paaralan).

(2) Ang mga sambahayang tumatama sa **alinman** sa mga sumusunod

Kahit tumatama, kapag hindi pinasa ang [mga dokumentong dapat ilakip sa application form (maaaring kopya)] para sa ② at ④~⑨, ang babatayan sa pagsusuri ay ang kita sa piskal na taong 2024.

Hindi susuriin ang mga dokumentong hindi nakasulat sa “mga dokumentong dapat ilakip sa application form” sa ibaba. Sana maunawaan ninyo ito.

Naaangkop na Dahilan		Dokumentong dapat ilakip sa application form (kopya lamang)
Sa oras ng pag-aplay	① Tumatanggap ng child care allowance (<i>jidō fuyō teate</i>) (Hindi <i>jidōteate</i> o child allowance)	Hindi kailangan (application form lamang ang ipasa)
	② Arawang manggagawa na nakarehistro sa employment security office (Hello Work)	○ Ang pahinang mayroong selyo ng pinuno ng public employment security office sa booklet ng taong nakaseguro sa employment insurance
Sa piskal na taong 2025	③ Tinigil o nakansela ang welfare (Maliban kung dahil sa pagbago ng kabuuan ng pamilya)	Hindi kailangan (application form lamang ang ipasa)
	Ang mga sumusunod na ④~⑦ ay limitado sa mga dokumentong may nakasulat na “exempted”	
	④ Ang binawasan o naging exempted sa municipal tax	○ Notipikasyon ng pagbago ng municipal tax at prefectural tax
	⑤ Ang binawasan o naging exempted sa individual enterprise tax	○ Notipikasyon ng desisyon ukol sa pagbawas o pagbigay ng exemption sa individual enterprise tax
	⑥ Ang binawasan o naging exempted sa fixed property tax	○ Notipikasyon ng desisyon sa pagpataw ng fixed property tax
	⑦ Ang nabawasan o naging exempted sa bayad para sa national health insurance	○ Notipikasyon ng resulta sa pagwasto ng bayad sa national health insurance (Kapag tinutugunan lamang ang lahat ng miyembro ng pamilya)
	⑧ Ang naging exempted sa bayad para sa national pension	○ Notipikasyon ng pag-apruba sa aplikasyon upang maging exempted o mabigyan ng palugit sa pagbayad ng national pension • Kailangan ang notipikasyon ng lahat ng miyembrong 20 taong gulang pataas na sakop sa pagbabayad • Sakop ang mula 6 buwang panahon ng exemption * Kailangan ang pahinang nakasulat ang pangalan at panahon ng exemption
	⑨ Ang tumatanggap ng pagpapautang sa mga pondo ng life welfare (Maliban sa mga pondo para sa suporta ng edukasyon)	○ Notipikasyon ng desisyon ukol sa pagutang sa pondo ng life welfare

*Upang makapagdesisyon kung aaprubahan o hindi ang inyong aplikasyon para sa tulong para sa gastos sa paaralan, kailangang masuri ang kalagayan ng sambahayan, kalagayan ng pagtanggap ng pampublikong tulong (allowance para sa edukasyon), kalagayan ng awtorisasyon ng mga magulang na umampon, kalagayan ng pagtanggap ng child care allowance, kalagayan ng pagpapataw ng municipal tax kaugnay sa lahat ng miyembro ng pamilya, at physically handicapped person's card, mentally-handicapped person health and welfare handbook, at uri ng rehabilitation notebook para sa mga pamilyang may miyembrong may kapansanan, kaya ibigay lamang ang inyong pahintulot na isagawa ito sa pag-aplay ninyo sa tulong na ito.

* Ang notipikasyon kung naaprubahan o hindi ay ipapadala sa mga kalagitnaan ng Marso.

Ipapadala sa bank account na isinulat sa application form ang pera sa mga taong naaprubahan.

*Kapag mayroong bagay na hindi maintindihan, sumangguni lamang sa ibaba.

School Affairs Division (Gakumuka 学務課)	Telepono: 072-228-7485 Fax: 072-228-7256
	E-mail: kyogaku@city.sakai.lg.jp

Gupitin ang kuwadro sa ibaba, idikit sa sobre, diktan ng stamp ng koreo at ipadala.

〒590-0078 堺区南瓦町3番1号 堺市教育委員会 学務課 行

◎ Halimbawa ng pagsulat ng application form para sa Tulong para sa Gastos sa Paaralan ng Lungsod ng Sakai (Pera para sa Paghanda sa Pagpasok)

様式第1号(乙) (第3条関係)		Huwag kalimutang sulatan	
Basahing mabuti		令和8年度 就学援助申請書(入学準備金)	
堺市教育委員会 教育長 殿		申請日 令和7年11月4日	
堺市就学援助規則第3条の規定により、令和8年度の就学援助(入学準備金)について、次のとおり申請します。 なお、申請にあたり、以下の事項について同意します。 【同意事項】 - 世帯全員に係る次の事項について確認を行うこと。 ①住民基本台帳 ②市民税・府民税の課税台帳 ③生活保護の受給状況 ④児童扶養手当の受給状況 ⑤身体障害者手帳及び精神障害者保健福祉手帳の等級並びに療育手帳の区分 - 就学援助金に関する認定及び支給に必要な事項について、堺市及び他の市区町村の関係機関に照会又は通知を行うこと。 - 就学援助(入学準備金)の支給後、国立・私立の小学校、支援学校へ就学した場合は全額返金すること。 【注意事項】 - 太枠の中のみ記入してください。 - 一世帯につき一枚の申請書により申請してください。			
住所	堺市 ◎ 区 ◆◆ 町 1 丁 2 番 3 4 号		
フリガナ	サカイ シカクシカク		
申請保護者	堺 □ □	生年月日	●年 ●月 ●日
	(申請保護者が自署しない場合は、記入してください。)	電話番号	090-1234-XXXX
受領先	金融機関名	〇×銀行	口座番号
口座申請保護者	本支店名	◆◆支店	普通 0 1 2 3 4 5
	申請保護者名義に限りません	口座名義	サカイ シカクシカク
申請児童	フリガナ	生年月日	申請保護者からみた氏名
	氏名	サカイ マルマル	△年△月△日
	氏名	△年△月△日	堺市立◎◎
	氏名	△年△月△日	小学校 新
	氏名	△年△月△日	小学校 新
	氏名	△年△月△日	小学校 新
世帯状況	フリガナ	生年月日	申請保護者からみた氏名
	氏名	サカイ サンカクサンカク	■年■月■日
	氏名	堺 △ △	×年×月×日
	氏名	サカイ シカクマル	
	氏名	堺 □ ○	
	氏名		
	氏名		
	氏名		
備考			

7 numero na account number na dapat punuin mula sa kanan

Isulat ang pangalan ng account sa letrang katakana (Hindi kailangang ayusin kahit nakasulat sa kanji.)

2 lugar, lahat dapat parehong pangalan

Sa kaso ng Postal Bank, isulat ang pangalan branch na ginagamit kapag nagpapadala ng pera mula sa ibang institusyong pampinansyal (四〇八・四一八) atbp, sa numero ng kanji, at numero ng branch (408・418) atbp, parehong dapat nagtatapos sa numero 8, at isulat din ang account number (7 numero).

Tinutugunan ang mga bagong mag-aaral na papasok sa unang baitang ng pampublikong mababang paaralan (Hindi tinutugunan ang pambansa, pribado o paaralang nagbibigay suporta).

Isulat maliban sa inaplay na mag-aaral na nakasulat sa itaas na hiler.

Isulat din ang asawang nagtatrabaho sa ibang lugar, atbp, kaya hiwalay ang residence certificate.